

U Z. Eliserio
University of the Philippines

Reporma Sa Pera: Ilang Pagmumuni-Muni Sa Utang, Stock Market, At Kapitalismo

Isa si Robert Hockett sa nagsusulong ng demokratisasyon ng pinansyal na mundo. Una, para buksan ang pinto sa mga nasa labas nito. Pangalawa, para ipasailalim ang pinansyal na mundo sa pamumuno ng marami (ang demos sa demokrasya) imbes na iilan. Dahil nga, kapag iilan lang ang namumuno, iilan lang din ang nagbebenipisyo (Hockett 2022, 38).

Introduksyon

Binubuo ang sanaysay na ito ng mabusising pagbabasa ng antolohiyang Democratizing Finance, at maikling pagninilay sa pelikulang Sid and Aya. Sa papel, gagalugarin ang kalikasan ng pera, at ang mga maaaring ipatupad na reporma para gawing demokratiko ang akses sa yaman. Susubukan ding magpaliwanag ng ilang terminong may kinalaman sa ekonomiya, stock market, at investment. Sa komprontasyon ng kilusang manggagawa at kapitalismo, hindi maikakaila ang sentral na papel ng pera (kailangang tandaan na ang pera ay hindi kapital, at ang kapital ay hindi simpleng pera). Kailangang mas maintindihan ng ordinaryong Filipino, manggagawa man o hindi, ang pera, lalo na at sa kasakuyang orden ay tila ba lagi siyang kapos na kapos nito.

Kinukwestyon ni Hockett ang dominanteng imahen o naratibo tungkol sa kapital, na ito ay “kaunti” (Hockett 2022, 41). Pamilyar naman ang lahat sa kwentong bayan tungkol sa tamad na tipaklong at mga masipag na

langgam. Samantalang buong tag-init ay puro lang paglalaro ang tipaklong, nag-iipon, di-umano, ang mga langgam. Kaya nang dumating ang tag-ulan, kawawa ang tipaklong, at may naipong pagkain ang mga langgam. Hindi makatarungan, kung gayon, na kunin ang mga nasa langgam para ibigay sa tipaklong. Ang pagkaing ito (kapital) ay inipon nila sa pamamagitan ng pagtitiis at sakripisyo. Ang kapital na ito ay pribadong pag-aari ng mga langgam. Hindi naman pwedeng kumpiskahin na lang ito at ibigay sa mga patay-gutom na tipaklong.

Mito lang ang pagiging kaunti ng kapital na ito ayon kay Hockett. Simulan natin sa konsepto ng “fractional-reserve banking.” Mahirap intindihin, kaya heto ang simplipikasyon. Itinatakda ng gobyerno kung gaano kakaunti ang kailangang matira sa isang bangko kumpara sa ipinapautang nito. Halimbawa, kung sabihin ng gobyerno na “Kailangang may sampung porsyento kayong natitirang reserba sa lahat ng pinapautang ninyo”, ibig sabihin sa bawat 90 pesos na pinapautang ng isang bangko, kailangan lang may matirang 10 piso bilang reserba. Pero imbes na, “May isang daan kami, pwede kaming magpautang ng 90 pesos”, ang nangyayari ay ito: “May isang daan kami, kaya pwede kaming magpautang ng 900 piso” (ang 100 ay sampung porsyento ng 1,000). Putok sa buho ang 900 pisong ito. At ano ang mangyayari kapag ang 900 na iyon ay idineposito sa isa pang bangko? Maaari nang magpautang ang ikalawang bangko ng 8,100 piso (ang 900 ay sampung porsyento ng 9,000) (Hockett 2022, 42-43, 54). Mula sa pag-aaral ng prosesong ito, kongklusyon ni Hockett na hindi kaunti ang kapital ng mga masipag na langgam. Ang kapital ay tila ba tinatawag sa kawalan sa pamamagitan ng mahika!

Naiintindihan natin ang mga bangko bilang negosyo, pero anong uri ng negosyo? Para kay Hockett, ang mga nagmamay-ari at nagpapatakbo ng mga bangko ay para ding nagmamay-ari at nagpapatakbo ng isang prangkisa. Ano ang prangkisa? Sa Pilipinas, halimbawa, hindi naman ang mga nagmamay-ari ng kompanyang Jollibee Food Corporation ang may-ari ng bawat isang branch na kinakainan natin. Imbes, binabayaran sila ng mga nais magtayo ng Jollibee para sa karapatang magtayo ng isang branch ng Jollibee. Ang JFC ang franchisor, at ang may-ari ng indibidwal na branch ang franchisee. Para kay Hockett, ang gobyerno ang franchisor, at ang mga bangko ang franchisee (Hockett 2022, 49). Pero imbes na pagluluto ng manok, ang negosyo ng mga franchisee na ito ay ang paglikha ng pera.

Hindi naman talaga mahika ang ginagamit para lumikha ng pera. Ayon kay Hockett, ang mga pautang ng bangko ay ginagawang pera sa proseso ng paggarantisa ng Bangko Sentral sa utang na ito. Pero paano nga ba

nagagarantisahan ang utang-na-ginawang-pera na ito? Ang nagbibigay-garantiya dito ay ang soberanya ng bansa, kaya nga Bangko Sentral ng Pilipinas ang tawag sa central bank natin, dahil atin lahat ito. Ang pundasyon ng pribadong kapital ng mga langgam ay ang bansang binubuo ng mga tipaklong. Para kay Hockett, ang kapital ay pampublikong resource (Hockett 2022, 56, 79). Kinatawan ang Bangko Sentral ng ating bansa, at ang ating bansa ang kumakatawan sa atin. Bayarin ng Bangko Sentral ang perang nilikha ng bangkong nagpautang. Kapag umuutang ang isang indibidwal, tayong lahat ang naggagarantiya dito.

Talaga bang ang mga ordinaryong mamamayan, sa pamamagitan ng estado, ang sumusuporta sa tinatawag nilang malayang mercado? Tatlong punto ang argumento ni Hockett para sa paggigiit na ito. Bagaman ang background ng kanyang saliksik ay Estados Unidos, hawig din dito ang sistemang namamayani sa ibang bansa, kasama na sa Pilipinas. Unang punto ni Hockett, ang mga utang ng gobyerno (“publicly issued debt”) ang pundasyon ng lahat ng kalakal para sa kapital. Para maging malinaw, kailangan nating umatras nang kaunti para ipaliwanag ang kapitalismo. Iba ang kapitalismo sa simpleng palitan lamang ng mga anik-anik (halimbawa, isda para sa laruan, o di kaya ay pera para sa isda). Ang punto ng kapitalismo ay ang magkamal nang magkamal ng kapital. Ang kapital nga ay iyong pera na nangingitlog ng pera. Sa ordinaryong punto de bista wala itong saysay, gusto lang natin dapat ng pera para makabili ng mga bagay na gusto natin (isda, laruan); bakit tayo maghahangad ng pera sa ngalan ng pera? Ang kalakal para sa kapital (“capital markets”) ay mas purong bersyon ng ganitong uri ng lohika. Imbes na idaan pa sa bagay (“gagawa ako ng laruan para makakuha ng pera”), diretso na lang itong palitan ng pera para sa mas marami pang pera. Ito ang tinutukoy ni Hockett sa kanyang terminong “investment securities.” Ang security ay anomang bagay na binibili ng isang tao sa pag-asang tutubo siya rito, na tataas ang halaga nito. Ayon kay Hockett, karamihan sa mga “investment securities” na nasa kalakal para sa kapital ay mula sa mga estando (Hockett 2022, 60). Ito ang utang o “bond.” Halimbawa, ang Pilipinas ay magbebenta ng “Utang 1” (hindi talaga ganito ang tawag) na may detalyeng “bilhin ninyo ito sa halagang isang daang piso, at pagkatapos ng isang taon ay babayaran ito ng gobyerno sa halagang 104 piso.” Ayon kay Hockett, may “reserve-asset role” ang mga ganitong uri ng security. Sa mga panahong masaya ang lahat, nagsusugal ang mga investor at fund manager sa stock market. Bibili sila halimbawa ng mga stock ng mga kompanyang inaasahan pa lang nilang magiging malaki ang kita. Pero kapag inubo ang mercado, halimbawa dahil sa pandemya, ibebenta nila ng patalo ang mga stock na ito, at tatakbo sila sa mga mas siguradong pusta, ang mga “Utang 1” at iba pang may garantiya ng publiko.

Isa pang papel ng mga “public liabilities” na ito ay bilang “benchmark” sa pagpepresyo ng iba pang security (Hockett 2022, 62). Balikan natin ang “Utang 1.” Kung ikaw ang fund manager, i.e. taong namamahala sa tinipong pera ng mga mayamang investor, pensyonado, at ordinaryong mamamayan, makikita mo na ligtas na pusta ang “Utang 1.” May apat na porsyentong paglaki sa loob ng isang taon ang bawat 100 na pinamamahalaan mo. Kaya pag pipili ka ng stock na bibilhin, i.e. pupustahang lalaki ang halaga, kailangan higit-higit pa sa apat na porsyento ang inaasahan mong “mapapanalunan.” Kasi kung hindi, pumusta ka na lang sa Utang 1. Ito ang dahilan kung bakit palaki nang palaki ang inaasahan sa mga kompanya, at kung bakit lumolobo ang halaga ng mga ito sa pagtatasa ng mga investor. Isipin na lang natin ang isang imahinaryong kompanya, Kompanya 1. Simplipikasyon lang ito, syempre. Noong 2016, ang kabuuang tubo nito ay isang milyong piso; noong 2017, 1,060,000; noong 2018, 1,130,000; noong 2019, 1,220,000; noong 2020, 500,000. Lagot! Ang totoo, simple lang dapat ang pagtasa ng halaga ng stock ng isang kompanya. Halimbawa ang Kompanya 1 ay may tatlong gusali, na ang inestimang halaga ay isang bilyon bawat isa. Kung gayon, 3,000,000,000 piso ang lahat ng pag-aari ng kompanya. Mayroon ito kunwaring 1,000,000,000 stock (kumbaga, nahahati ang pag-aari sa kompanya sa isang bilyong bahagi). Ang sintido kumon na konklusyon ay tatlong piso dapat ang halaga ng bawat stock. Pero, pumapasok nga ang kita. Mula 2016 hanggang 2017, anim na porsyento ang nilaki ng kita ng Kompanya 1; mula 2017 hanggang 2018, pitong porsyento; mula 2018 hanggang 2019, walong porsyento. Kung ikaw ang investor, isa lang ang pwedeng maging kongklusyon, mula 2019 hanggang 2020, siyam na porsyento ang ilalaki ng kita ng Kompanya 1. Kung isasama mo sa konsiderasyon ang kitang ito, kasama na rin ang estimang halaga ng mga pag-aari ng kompanya, hindi lang tatlong piso ang halaga ng bawat stock. Bawat 60 piso! Bakit 60 piso imbes na 18, o 100? Iyon ang “lohika” ng stock market, at ng kalakal para sa kapital sa pangkalahatan. Ang mercado ang magdedesisyon kung magkano ang halaga ng bawat security, Utang 1 man o stock ng Kompanya 1. Kung babalikan natin ang Utang 1, iisipin natin na kapag binili ito ng isang fund manager sa halagang 100, at sinubukan niya itong ibenta, ang presyo nito ay 104 na piso. Naturalmente, dahil nga nangako ang gobyerno na babayaran ang utang na ito ng 104 na piso sa loob ng isang taon. Pero, maaari itong bumenta ng 90 pesos, o di kaya ay 105 piso. Bakit 90 pesos? Ito ang mga panahon na “masaya ang lahat” (sa ating simplipikasyon, ang mga taong 2016 hanggang 2019) at inaakala ng mga tao na walang hanggan ang pagtaas ng kita ng mga kompanya, kasama na ang Kompanya 1. At bakit naman 105? Ito ang panahon na “malungkot ang lahat” (sa kunwari nating mundo, 2020), kung kailan nagbabagsakan

ang halaga ng mga stock at nagtatakbuhan ang lahat sa mga utang ng mga gobyerno. Kung may dating na kabaliwan ang paglalarawang ito, at nais kong igiit na ito ay simplipikasyon lamang, at na baka nga mas lalo pang baliw ang dating ng tunay na sitwasyon, mayroon din itong hibo ng lohika at kaayusan.

Nakakagulat na nga ang kapangyarihan ng mga bangko na inilarawan ni Hockett, mas nakakagulat pa ang tinatawag na “shadow banking,” na ipinaliwanag niya bilang pag-aastang bangko ng mga hindi naman bangko. Sa ganitong paraan, nagagawa ng ibang negosyo ang, halimbawa, pagpapahiram ng pera tulad ng isang bangko, nang hindi napapasailalim sa mga batas at regulasyon na kailangang sundin ng isang bangko (Hockett 2022, 65). Isa sa mga ginagawa sa “pagbabangko mula sa anino” ang tinatawag ni Hockett na “securitization” (“sekuritisasyon”). Ang isang bangko, sa prosesong ito, ay magtatayo ng “special-purpose vehicle” o “special-investment vehicle.” Ito ang isang legal na entidad na pinamamahalaan din naman ng tao o mga taong pinili ng bangko. Bebentahan ito ng utang ng bangko, at ang perang ibabayad nito ay dagdag muli sa perang reserba ng bangko, tulad na nga ng nabanggit sa itaas, ang siyang basehan kung gaano kalaki ang pwedeng iputang (likhaing) pera ng isang bangko. Saan naman nanggaling ang pera ng “special-investment vehicle” na pinambili ng utang na ito? Aba, sa utang (bond) din (Hockett 2022, 66-67)! Isa pang malasalamangkang proseso ang tinatawag na “repo” o “repurchase agreements” (kasunduang muling bilhin). Sa pagpapaliwanag ni Hockett, ganito naman ang proseso. Bebentahan ni Utangero 1 ng isang bagay si Utangero 2, nang may usapan na sa loob din ng araw na iyon, o kinabukasan, bibilhin itong muli ni Utangero 1 nang may kakaunting patong lamang. Ano ang gagawin ni Utangero 2? Gagamitin niyang collateral ang binili niya, para mas lalo pang makautang nang mas malaki (Hockett 2022, 68-69).

Para sa susunod na halimbawa ni Hockett, kailangan munang maintidihan kung ano ang mga “derivative,” “sell,” at “put.” Ang derivative sa espekulatibong kapitalismo ay, bagaman hindi ito ang gagamiting termino, “pusta.” Pusta na mangyayari o hindi ang isang bagay, madalas ay kung bababa o tataas ang halaga ng isang bagay. Ang “sell” naman ay pagpusta na bababa ang halaga ng isang bagay. Sa proseso ng pag-sell, may kontrata ang dalawang partido na bibilhin ng isa sa kanila ang ibinebenta (kaya sell) ng isa pa sa ganito o ganyang presyo. Halimbawa, si Utangero 1 at Utangero 2, magpupustahan na bababa ang halaga ng Stock 1. Nangangako si Utangero 1 na bibilhin niya ang Stock 1 mula kay Utangero 2 sa presyong 100 piso, anoman ang mangyari, sa dulo ng buwan. Kapag bumagsak ang presyo ng Stock 1 sa 98 pesos, “nanalo” ng dalawang piso

si Utangero 2, o 2% (dos porsyento). Ang “put” ay “option” na mag-sell. Sa sitwasyong ito, wala nang Stock 1 na kailangang maging pag-aari ng kahit sino sa nagpupustahan. Kung ang bawat stock ay 100, maaari ang bawat option ay 50 sentimos. Ang isang daang libo ni Utangero 2 ay makakabili ng 1,000 Stock 1 o 200,000 ng option ng Stock 1. Ang “put” ay karapatan ni Utangero 1 na ibenta, at obligasyon ni Utangero 2 na bumili ng Stock 1, pero hindi na kailangang bilhin o ibenta pa ang stock na ito. Mas pabago-bago (“volatile”) ang presyo ng mga option kaysa stock (na kailangang idiin, ay pabago-bago rin ng presyo). Gayundin, ito ay may deadline kung kailan kailangang magbenta at bumili ang nagpustahan, hindi katulad ng stock na binibili at binebenta lang kapag nagkasundo ang dalawang partido. Para saan ang lahat ng instrumentong ito? Paliwanag nga ni Hockett, isa ito sa paraan ng bangko para manigurado sa mga pag-aari nito (Hockett 2022, 72). Halimbawa ang Bangko 1 ay may malaking pag-aari ng mga stock ng Kompanya 1. Kapag bumaba ang presyo ng mga stock ng Kompanya 1, bababa ang halaga ng pag-aari ng Bangko 1. Maaaring bumaba ang presyo ng stock mismo ng Bangko 1 (dahil nga bumaba ang presyo ng isa malaking pag-aari nito). Kaya ang gagawin ng Bangko 1 ay *pupusta laban sa sarili nito*, i.e. bibili ito ng mga put sa stock ng Kompanya 1. Bakit naman ito gagawin ng kahit sino? Para magkaroon ng pangmatagalang estabilidad sa pabago-bago ngang “emosyon” ng mercado (stock market). Kung tama ang pusta ng Bangko 1 (bumaba nga ang presyo ng stock ng Kompanya 1), ayos lang, kasi nga may ganansya naman ito mula sa mga put. Pero, kung mali ang pusta nito (at tumaas pa nga ang presyo ng stock ng Kompanya 1), ayos lang, dahil sa pangmatagalang estratehiya ng Bangko, gusto naman talaga nitong manatiling pag-aari ang mga stock ng Kompanya 1.

Mga Panukalang Reporma

Ang panukala ni Hockett para sa pagreporma ng pinansyal na sistemang ito ay ang tinatawag niyang “National Reconstruction and Development Council.” Nakakalito lamang at bukod sa koordinasyon ng hiwa-hiwalay na institusyon, wala namang bagong mandato para sa NRDC na ito. Punto nga kasi ni Hockett na sa kasalukuyang kaayusan sa Kanluran, ang pamumuhunan, imbes na mapunta sa “tunay” na ekonomiya ay nauwi sa mga espekulatibong gawain (Hockett 2022, 81). Imbes na mamuhunan ang teknolohiya o mga pabrika, bilang halimbawa, naglalaro ang mga hedge fund sa stock market, palolobohin ang presyo ng ganito at ganyang share ng kompanya. Bilang simplipikasyon: ang Kompanya 1, na may pag-aari ng isang pabrika na may halagang isang milyon, ay magiging sampung milyon ang kabuuang halaga, nang hindi naman dumadami ang pabrika

o tumataas ang dami ng trabahador. Di kaya naman ay nagpupustahan ang mga bangko sa presyo ng langis o ginto. Isa sa mga magiging gawain ng NRDC ni Hockett ang pamumuhunan ang mga negosyo at industriya na hindi pinapansin, ngunit mas malaki sana ang maitutulong sa mga mamamayan (Hockett 2022, 83). Halimbawa nito ang mga “sustainable” na batis ng enerhiya. Nananatili pa rin ang panukala ni Hockett sa imahinaryo ng mercado. Tutulungan lamang ng NRDC ang mga “karapat-dapat” na kompanya sa pamamagitan ng pagbili ng kanilang stock o bond (utang).

Sa katunayan, sa isa pang artikulo na kasama sa antolohiya kung saan pangunahing sanaysay ang kay Hockett, tinalakay naman ni Quinn et al. ang pananaw ng liberal at antikomunistang si Adolf Berle, na naniniwalang kailangang magkaroon ng interbensyon ang gobyerno sa pagpapalakad ng pinansya (Quinn, Igra, at Guller 2022, 235-275). Hawig na hawig naman sa pangkalahatang balangkas itong kapangyarihan at layunin ng NRDC ni Hockett sa “modern financial toolkit” ni Berle. Hindi naman ito “buktot” (wala namang mabuti at buktot), sa katunayan, pangunahin si Berle sa mga arkitekto ng FDIC (katumbas ng Philippine Depository Insurance Corporation sa Estados Unidos) noong 1930’s (Quinn, Igra, at Guller 2022, 246). Babalikan natin itong limitasyon sa imahinasyon sa ibabang seksyon. Sa ngayon, tingnan muna natin ang mga repormang tinalakay nina Hockett dito sa antolohiyang *Democratizing Finance*.

Isa pang panukala ni Hockett ang pagbigay ng Bangko Sentral ng “pitaka” sa bawat mamamayan para matransforma mula “bangko ng mga bangko” tungong “bangko para sa mga tao.” Ang “franchisor” ng Bangko Sentral, imbes na umasa sa mga “franchisee” nito (ang mga pribadong bangko), ang isa na mismo sa maaaring magpautang sa mga ordinaryong mamamayan. Isa sa mga bentahe ng ganitong sistema ni Hockett ang paglaban ng Bangko Sentral sa implasyon (o pagtaas ng presyo ng mga esensyal na pangangailangan). Sa kasalukuyang rehimen, kapag tumitindi ang implasyon, itataas ng Bangko Sentral ang “interest rate,” i.e. ang interes na kailangang bayaran ng isang kompanya, bangko man o hindi, sa utang nito. Kapag mababa ang tindi ng implasyon (hindi naman ito nawawala, i.e. laging tumataas ang presyo ng mga bilingin), ayos lang na mababa ang interest rate. Kapag matindi ang implasyon, itataas ng Bangko Sentral ang interest rate. Ang mga kompanya, babagal ang pag-utang, at pagpapalawig. Babagal ang mga ekonomikong aktibidad. Bababa ang “consumer demand,” kaya, ayon sa lohika, bababa rin ang implasyon (hihina ang tindi ng pagtaas ng presyo, hindi talaga bababa ang presyo). Sa panukala ni Hockett, dahil nga isa na ang Bangko Sentral na direktang magpapautang sa mga mamamayan, tataasan na lang nito ang interest rate sa mga pinapautang na tao, hindi

lang sa mga pinapautang na bangko, sa pamamagitan ng mga “dihital na pitaka.” Direkta nang mapapababa ang “consumer demand” (Hockett 2022, 97). Sa pamamagitan din ng dihital na pitakang ito ipapadala ng Bangko Sentral ang “ayuda” sakaling gusto nga nitong patindihin imbes na pabagalin ang mga ekonomikong aktibidad, pag-utang, pagkonsumo, pamumuhunan na natunghayan naman natin noong mga unang buwan ng lockdown ng 2020, ay lubhang mahalagang instrumento. Hindi pa sigurado si Hockett sa mga espisipikong katangian ng dihital na pitakang ito, bagaman isa sa mga naisip niyang gamiting teknolohiya ay ang blockchain (para sa paksang ito, tingnan ang Eliserio 2020).

Sa kanyang kontribusyon na “Democratizing Investment,” sinalungguhitan ni Lenore Palladino ang dambuhalang siwang sa pagitan ng mga mayaman at mahirap sa Estados Unidos pagdating sa erya ng investment. Dagdag pa rito, may dalawang problema. Una, kahit naman ang mga nakakabili ng stock ay maaari lang bumili ng stock ng mga kompanyang nasa stock market na, ibig sabihin, ito iyong mga dambuhalang korporasyon na limpak na naman ang salapi (Palladino 2022, 303). Mas mainam sana para kay Palladino kung makakabili ng stock ng mga maliliit na negosyo. Siya nga naman, ang mga maliliit na negosyo ang bahagi ng mga komunidad, sila ang tunay na nangangailangan ng kapital. Pangalawang problema, sa Estados Unidos, ang mga “accredited investor” (i.e. mga mayamang-mayaman) lamang ang maaaring bumili ng stock ng mga pribadong kompanya (i.e. iyong mga wala sa stock market). Ito iyong mga kompanyang maaaring lumobo ang halaga ng stock. Kapag sa wakas ay naging pampubliko na ang mga ito (i.e. nasa stock market na), tapos na ang pagkakataong makalikom ng malaking halaga. Ang resulta, ang mga mayayaman lamang ang may oportunidad na yumaman sa pamamagitan ng pag-invest, at sa kalakhan ang mga negosyong nakakatanggap ng investment, hindi naman ito kailangang-kailangan!

Iisa sa mga nakitang may potensyal ni Palladino ay ang mga “crowdfunding platform” (Palladino 2022, 310). Dito, ang mga maliliit na negosyo ay maaaring manghingi ng pera sa mga regular na tao. Iba naman ito sa tinalakay din niyang DPO o direct public offering. Dito naman, nakaangkla sa “state” ang kompanya. Ang mga maaaring mag-invest ay taga-New York lang, o California, at kailangang 80% ng negosyo ng kompanya ay nasa New York o California (i.e. doon sila nagbabayad ng state tax, mga taga-New York o California ang empleyado nila, at iba pa) (Palladino 2022, 311). Nakukulangan pa rin si Palladino sa dalawang prosesong ito dahil, bukod sa bukas sila sa mga mapagsamantalang elemento, pribado pa rin ang kalikasan nila. Ang panukala niya ay pampublikong investment platform.

Ibig sabihin nito, ang gobyerno ang mamamahala ng serbisyo (kumbaga parang SSS o GSIS, bagaman idinidiin ni Palladino na hindi nito papalitan ang mahalagang papel ng social service sa Estados Unidos, kundi dagdag pa rito). Tatlo ang target na gustong pamuhunan ni Palladino (Palladino 2022, 222-234). Sa kanyang plataporma, maaaring mag-invest sa mga espisipikong maliit na kompanya na nagbebenta ng kanilang stock (o equity) at bond (utang). Halimbawa, pwede kang magdesisyon kung ang paglalagakan mo ng pera ay isang disco (Jaloux, kunwari, o Ozone), o isang milk tea kiosk.

Pangalawa, mag-aalok din ang gobyerno ayon sa panukala ni Palladino ng index fund na ang target ay ang mga malalaking kompanya sa Estados Unidos. Ang index fund ay uri ng mutual fund. Ang mutual fund ay kompanya na ang negosyo ay pagbili ng stock o bond ng mga kompanya, pati na rin bond ng gobyerno. Karamihan sa mga ito ay may malalaking fee dahil, di-umano, ang expertise ng namamahala rito ang binabayaran ng kustomer: umulan man o bumagyo, tumataas ang halaga ng pera mo sa kanyang fund. Napatunayan na ito ay kalokohan lang, na 4% lamang ng mga mutual fund ang kayang talunin ang kanilang benchmark (i.e. ang “normal” na dapat inilaki ng iyong pera; sa Estados Unidos ito ang SP500, at sa Pilipinas ito ang Philippine Stock Exchange Index). Ang index fund ay iyong uri ng mutual fund na aminadong lokohan nga lang ang mga mutual fund at hindi kailangan, at nakakapinsala pa nga ang aktibong pamamahala nito. Kaya ang ginagawa lang ng index fund ay mag-invest sa nilalaman ng benchmark. Kumbaga, kung index fund ka sa Pilipinas, bibili ka na lang ng mga stock na laman ng PSEi, tulad ng SM, Ayala Corp, Meralco, at iba pa. Dahil sa kalikasan nito, hindi kailangan ng mga index fund ng mataas na fee.

Pangatlong panukala ni Palladino ang pagkakaroon ng index fund na ang mga binibiling stock ay mga maliliit na negosyo rin. Hindi tulad ng binanggit sa unang panukala, mas ligtas ang ganitong lapit, dahil mabigo man ang isang negosyo, hindi lang sa negosyong iyon nakalagak ang pera ng isang kustomer.

Tungo Sa Sosyalismo?

Ang mga panukala nina Hockett at Palladino, sampu ng kanilang mga kapwa kontribyutor sa antolohiya, ay mahusay. Sa aking pananaw, hindi pa rin nasapul ng mga repormang ito ang kabatiran ni Hockett mismo, tungkol sa kalikasan ng pera at ang paraan ng paglikha nito. Tanging ang ekofeministang si Mary Mellor ang may lakas ng loob para idiin ang

lohika ni Hockett, sa kontribusyon niyang “Democratizing Finance or Democratizing Money?” Kung nililikha nga ng mga bangko ang pera mula sa bula dahil franchisee sila ng Bangko Sentral, na ito ang institusyong may kapangyarihang lumikha ng pera mula sa wala, ang pera kung gayon ay pampublikong resors. Hindi ito “kaunti” (scarce). Kung susundin si Mellor imbes na “yaman” (wealth) ng mga pribadong kompanya at indibidwal, ang uunahin ng mga gobyerno ay “bayaman” (wellth), ibig sabihin, ang mabuti para sa kalakhan ng sangkatauhan at kalikasan (Mellor 2022, 288). Sa karaniwang paniniwala, kaya may pera ang mga gobyerno ay dahil naniningil sila ng buwis mula sa mga mamamayan. Ayon kay Mellor, baliktad ito: lumilikha muna ang mga gobyerno ng pera, saka sila nambubuwis (Mellor 2022, 289). Sa imahinasyon natin mayroon kasing alkansya ang gobyerno, at mula rito nanggagaling ang budget nito para sa mga proyektong pampubliko. Mito ito, ayon kay Mellor: “If states did have piggy banks there would never be a deficit: they could only spend what they had in the pot” (Mellor 2022, 290). Ang pera kung gayon ay “fiat,” base sa awtoridad o loob. Kung ang estado ay ekspresyon ng loob ng bayan (Rousseau 2018), ang pera ng gobyerno kung gayon ay kailangang agawin mula sa kontrol ng mga pribadong kapangyarihan, mga bangko numero uno, at gamitin upang unahin ang ating kapakanan. Maaaring ikumpara ang mga ideya ni Mellor sa panukala ni Ann Pettifor (2017) para sa tinatawag na “sovereign money system.”¹ Sa ganitong sistema, tanging ang Bangko Sentral na lamang ang may kapangyarihang lumikha ng pera, hindi na ang mga pribadong bangko. Kapag gustong lumikha ng pera ng Bangko Sentral, maaari itong maglabas ng bonds (bibigyan mo ng 100 piso ang gobyerno, at pagkatapos ng limang taon, babayaran ka ng gobyerno ng 106 piso), o di kaya’y magpapapautang sa mga pribadong bangko. Sa balangkas na ito, kontrolado ng Bangko Sentral ang “supply” ng perang mayroon, kaiba sa dereguladong paglikha ng pera sa kasalukuyan. Kinukwestyon ni Pettifor ang mga mitong tinalakay nina Block, Mellor, at iba pa. Ang pera, paliwanag ni Pettifor, ay pangako. Anya, pag iniabot mo ang iyong credit card sa restaurant, hindi ka naman nag-aabot ng bagay. Imbes, pinapatunayan ng card mo na “Mapagkakatiwalaan ang taong ito na magbayad ng utang” (Singer 2017). Maaari nang kwestyunin ang mga budget na ubod ng taas ng inilalagak sa militar at “depensa,” samantalang ubod ng liit sa edukasyon. Ika nga ni Pettifor, ang lagay naman, basta tama ang pamamahala ng ekonomiya, maaaring pondohan ang anomang priyoridad.

1 Nais kong pasalamatang ang unang anonimong rebyuwer ng papel sa rekomendasyon sa aklat ni Pettifor.

Hindi na ito kapitalismo, dahil ang inuuna ay ang bayan, bagaman may kapital pa rin. Ang tinututulan natin ay hindi pera, kapital, o mercado, kundi ang prioridad at dominasyon ng kapital imbes na tao. Sa isang sandali ng “anti-self-help self-help,” bumulalas ang influencer na si James Hoffman sa interbyu sa podcast ni Ali Abdaal tungkol sa pagnenegosyo: unahin mo ang iyong pamilya, huwag kang magtrabaho kapag Linggo, lalago rin ang iyong negosyo kahit hindi ka magkayod kabayo. Nang humingi ng klaripikasyon si Abdaal, humupa ang enerhiya ni Hoffmann. May dalawang pagpipilian ang isang entrepreneur na nagsisimula pa lang sa kanyang negosyo: magtrabaho nang sobra-sobra o kumuha ng mga tao (Abdaal at Hoffmann 2022). Kaso nga lang, para magkaroon ng tao, kailangan mo ng kapital. Kung mula sa lumang pagtingin sa pera tatanawin, mukhang ang maaari lang piliin ay magtrabaho nang sobra-sobra. Pero, kung ihuhugpong halimbawa ang mga ideya nina Palladino at Mellor, nagiging simple ang solusyon. Mangungutang ang entrepreneur o di kaya ay magbebenta ng stock sa pampublikong investment platform ni Palladino, na ang pundasyon ay nilikhang pera (mula sa bula) ng gobyerno. Bakit naman magtatrabaho ang isang tao para sa perang nilikha mula sa bula ng gobyerno? Aba, ngayon naman ay nagtatrabaho siya para sa perang nilikha mula sa bula ng mga bangko.

Lahat ng ito ay mabuting ideya, at hindi naman bago. Sa katunayan, pagdating sa mga panukala, wala namang malaking advance ang mga kontribyutor ng *Democratizing Finance* sa mga kontribyutor sa *Equal Shares* (Roemer 1996). Ang DF ay ikawalong tomo sa seryeng “Real Utopias” mula sa publisher na Verso, ang ES ang ikalawa. Ang tanong: paano ang implementasyon nito? Sa kanyang kontribusyon sa DF, “Financial Democratization and the Transition to Socialism,” inilatag ni Fred Block ang nagiging reaksyon sa mga makakaliwa kapag naluklok sa kapangyarihan at nagpatupad ng mga reporma: nagkakaroon ng capital flight at capital strike (Block 2022, 116). Halimbawa, nagsasara ng mga pabrika, naglilipat ng pera sa abroad. Hihina ang ekonomiya, at ang unang tatamaan nito ay ang mga ordinaryong mamamayan na bumoto sa makakaliwang gobyerno sa pag-aakalang iigi ang kanilang buhay. Ito ang kontra-rebolusyonaryong reaksyon sa makakaliwang gobyerno. Mas maigting ito sa Pilipinas. Sa sanaysay na “Adyenda ng Progresibo sa Eleksiyong 2022” na lumabas sa pinoyweekly.org, ipinaliwanag ni Priscilla Pamintuan na kahit na ang lider-manggagawang si Ka Leody de Guzman ang mahalal na presidente, haharapin niya ang “buong burukrasya sa ehekutibo, hudikatura, at lehislatura; mga batas, mga polisiya, mga di-nakasulat na kalakaran, na matagal nang naglilingkod sa iilang naghaharing uri sa bansa. Makakalaban niya ang Armed Forces of

the Philippines at Philippine National Police, na matagal nang nasanay na maging mersenaryo ng naghaharing mga uri.”

Ang nangyayari, ayon kay Block, sa susunod na eleksyon ay matatanggal ang makakaliwang gobyerno, at manunumbalik ang mga reaksyonaryong pwera. Nakikita niya ang reporma sa pera bilang daan para pigilan ang ganitong siklo. Dalawang hakbang ang inilarawan niya (Block 2022, 147-148). Una, sa mga unang taon ng makakaliwang gobyerno, papalaguin nito ang mga repormang pinansyal na inilarawan sa buong antolohiya. Hindi man nagkakaisa sa mga panukala, nagkakaisa ang mga kontributor sa prinsipyo, na nagsisilbi dapat ang pera sa tao, imbes na tao sa pera. Anomang reporma ang makakagawa nito, ayos na sa kanila. Pangalawang hakbang ang komprontasyon sa mga bangko at iba pang pwera ng kapitalismo, na sampu o labinlimang taon pa mula sa eleksyon, ayon sa timeline ni Block. Halimbawa nito ang tunay na progresibong pagbubuwis (i.e. mas malaki ang buwis sa mga mas maraming pera). Ayon kay Block, malalabanan ng mga repormang pinansyal ang ekonomikong pananabotahe ng kapital pag nag-ugat na ang mga makataong institusyong pinansyal. Tulad ng kanyang inspirasyong si Karl Polanyi, maaari nating tawagin si Block na ebolusyonaryo imbes na rebolusyonaryong sosyalista. Kalakhan sa estratehiyang inilarawan ay nakatuon sa propaganda, sa pagkomunika ng “kilusan” (movement) tungkol sa mga repormang nais nitong ipatupad. Maaari itong ikumpara sa *The Turn to Industry: Forging a Proletarian Party* ni Jack Barnes, tungkol sa desisyon ng Socialist Workers Party (ng Estados Unidos) noong 1978, na kanila pa ring posisyong ineendorso hanggang 2020: “The Socialist Workers Party must subordinate everything else to immediately organize to get the great majority of our membership into industry and the industrial trade unions. We must do this in such a way that the majority of members of branch executive committees, of local executive committees, and of the National Committee, the party’s highest leadership body between conventions, will soon be made up of comrades who are active members of industrial unions” (Barnes 2020, 26-27). Ano naman ang gagawin ng mga miyembro ng partido sa mga unyon? Pagpapatuloy ni Barnes: “finding ways to advance the development of a mass leadership, a working-class vanguard, that thinks socially and acts politically. It means providing class-conscious leadership for struggles of the oppressed. It means carving out a class-struggle left wing in the labor movement, and advancing the fight for independent working-class political action...” (Barnes 2020, 29). Ang ganitong uri ng pagsusulat ay tila ba laos na at, oo nga naman, mas sexy mag-isip tungkol sa cryptocurrency kaysa “class-consciousness.” Pero

marahil ang mga reporma sa pera ay isang bahagi lang ng mas malaking pagkilos, at hindi nga yata magiging mapayapa ang paggapi sa kapitalismo.

Mahusay na tapusin ang papel na ito sa ilang pagmumuni-muni tungkol sa pelikulang *Sid and Aya* (2018, dir. Villamor). Kasabay ng paglabas ng pelikula ang pagbulusok ng lokal na stock market, nakakatawang coincidence, dahil siyempre nilikha ito bago ang pagbagsak, “bull market” nga noong 2017, pataas nang pataas, halimbawa, ang Philippine Stock Exchange Index (ibig sabihin pataas nang pataas ang presyo ng mga stock ng SM, Ayala Corporation, Meralco, at iba pa). Bagaman maraming maaaring interpretasyong maaari sa pelikula, halimbawa, na bahagi ito ng “bagong romansang Filipino” kasama ng *That Thing Called Tadhana* (2014, dir. Jadaone) at *Kita Kita* (2017, dir. Bernardo), o, halimbawa, ang postkolonyal na pagkontra nito sa imahen ng mga babae bilang manic pixie dream ng Kanluran, tulad ng sa *500 Days of Summer* (2009, dir. Webb) o *Amelie* (2001, dir. Jeunet), bibigyang-diin dito ang lapit sa pelikula bilang bigong kritita sa kapitalismo.

Naiuhugpong natin ang pelikulang ito sa diskusyon sa itaas dahil sa dalawang isyu: (1) ang depinasyon ng yaman, at (2) ang gamit ng pera.² Bagaman maaaring ireklamo na “hindi patas” na pagsabungin ang isang pelikula at mga sanaysay tungkol sa kalikasan ng pera, may bentahe pa nga ang *Sid and Aya* dahil sa kongkreto nitong lapit sa mga isyu ng kapangyarihan na maaari lamang gamitan ng hiram na naratibo at talinghaga ng mga palaisip tulad nina Block at Pettifor. Isa pa, nang nasa isip nga ang kritisismo sa ideya ng reporma, maihahambing pa nga sina Block sa bida ng *Sid and Aya*, na naniniwalang ang transisyon tungo sa lipunang may pagkakapantay-pantay ay pwedeng payapa at nakabatay sa “mabuting loob” ng mga indibidwal na gusto ng pagbabago.

Sa rebyu mula sa website na thesummitexpress, isa sa mga inireklamo ng anonimong manunulat ang kawalan ng silbi ng pagiging stockbroker ni Sid (Dingdong Dantes) sa banghay ng pelikula. Nakatulog siguro siya habang nanonood, dahil ginamit ang stocks para salungguhitan ang maraming tema sa pelikula. Una, ang nosyon ng Black Swan ni Taleb, na ipinaliwanag ni Sid

2 Nais kong magpasalamat sa ikalawang anonimong rebyuwer ng borador ng papel para sa pormulasyon na ito.

bilang “pangyayaring hindi inaasahan pero binabago ang lahat” (halimbawa, 9/11 sa Estados Unidos, “love” para kay Aya [Anne Curtis, ang tanging mahusay sa mga aktor sa buong pelikula]). Pangalawa, ang stock market nga ay sugal, tulad din ng pag-ibig. Pero ang sugal ng stock market ay hindi patas na sugal, kung mayroon mang sugal na patas, dahil maraming ekstraekonomikal na salik sa pustahan nito. Nang-aagaw ng kliyente si Sid, halimbawa, at parang detective, sinundan niya ang mga pulitiko at negosyante para makakuha ng impormasyon tungkol sa pagtaas ng isang piksyonal na kompanya ng pagmimina. Sa climax ng pelikula, pilit kinukumbinsi ni Sid na “pumusta” sa kanya si Aya, pero tinanggihan siya ng babae. (Kahit sa huling bahagi ng pelikula ay hindi sigurado na magkakatuluyan sila). Pagkatapos iwan ni Aya sa ika-2 act, nagbagong buhay ang walang pusong si Sid. Paliwanag nga niya kay Aya pagkatapos nilang magkitang muli sa Japan, kung saan, pagkatapos maging overworked na barista at bantay sa laundromat sa Pilipinas, siya naman ay naging masayang affective laborer na ang babae, nagtayo na ang lalake ng sarili niyang firm, na ang pinaglalagakan ng pera ay “renewable” na batis ng enerhiya. Ipinakita siyang sunod na nakikipagkamayan sa isang puti at isang Hapon, dahil kailangan niya ang panlabas na kapital para maisagawa ang kanyang plano ng “malinis” na investment (kontra sa mukhang perang dati niyang boss na Kastilaloy). Ito ang “berdeng kapitalismo” na di-umano’y “sustainable.” May hibo dito ng mito ng “kundi lang,” e.g. “kundi lang mapanira sa kalikasan ang pinagkukuhanan natin ng enerhiya, okey na sana ang lahat,” o kaya “kundi lang puro mga pribadong bangko ang may hawak ng kapangyarihan, okey na sana ang lahat.” Samakatwid, bagaman nananatiling lente ng kapitalismo si Sid at post-kapitalista sina Block, nagkukulang sila pareho dahil walang lugar ang rebolusyon sa kanilang panibagong lapit sa pera.

Ipinapanukala ng pelikula na pag-ibig ang solusyon sa mga problema ng kapitalismo. Sa simula nito, walang tulog si Sid (sa pag-igting ng kapitalismo, hindi na 8 to 5 kundi 24/7 ang oras ng trabaho). Si Aya naman ay pagod na pagod, kaya nakakatulog at nakakalimot ng mga gawain sa pinagtrabahuang laundromat. Biktima ng diasporang Filipino, kailangang magkayod ni Aya, dahil padala siya nang padala ng pera sa probinsya, at kailangan niyang mag-ipon para mapuntahan sa Japan ang kanyang nanay (para kumbinsihin itong umuwi). Nasa isang bukas na relasyon si Sid at ang kanyang girlfriend, pareho silang sa sektor ng pinansya, at itinutumbas ang kanilang relasyong walang pag-ibig sa buhay na kamatayan ng paghahabol sa pera (i.e. kapitalismo). Babayaran ni Sid si Aya hindi para makipagtalik sa kanya, kundi para makipag-usap (na siya nga namang kalakaran sa mas atomisikong lipunan ng Japan).

Misteryoso ang dulo ng pelikula. Pagkatapos tanggihan ni Aya, bumalik sa Pilipinas si Sid at, sa paghaba ng buhok ng lalake, may panahong lumipas bago sila nagkataong nagkita muli. Salamin ang eksena ng nauna nang eksena, kung saan nasa loob ng kapehan si Sid, at kakatok sa salamin mula sa labas si Aya at sasabihing “I love you.” Mahalaga ditong si Sid na ang nasa labas, at kumatok sa salamin si Sid nang pansinin ni Aya, hindi niya sasabihing “I love you.” Papasok siya sa establisimyento, at makikita na para sa dalawa ang pagkain at inuming nasa mesa. Ibig sabihin ba nito’y may ibang date si Aya? (Nakumbinsi ba niya ang kanyang nanay na umuwi na?) Nagsimula sila bilang mga estrangherong nagkaroon ng usapan na magpalitan ng kwento at pera, bago mahulog ang loob sa isa’t isa. Sa huling bahagi, imbes na pag-ibig ay masiyang pagkukwentuhan lamang ang maaari silang magkaroon. Si Sid ay nabubuhay pa rin para sa pera. Sa gitna ng pelikula, tinawag niya ang pagkakaibigan nila ni Aya bilang “solid investment.” Umiinog pa rin ang kanyang buhay sa pagkamal ng salapi, gaano man ka “environmentally friendly” ang kanyang mga pinamumuhunang negosyo. Tinanggihan ni Aya ang kanyang simbolo ng pag-ibig (engagement ring na ubod ng laki, na isinuot ni Aya at hindi matanggal, na balak ni Sid ibigay sa kanyang girlfriend), dahil pundamental, nasa ugat ang pagkakamali sa pag-iral ni Sid. Maihuhugpong natin ang mga pagkakamali ng pelikula, nabanggit na nga ang walang kalatoy-latoy na pag-arte, kailangan ditong diniinan ang halos krimen na ngang performance ni Gabby Eigenmann, sa estado nito bilang likhang-sining: nilikha ito para kumita, hindi para maging maganda. Hindi sa hindi ito magandang pelikula. Inilabas sa kalagitnaan ng rehimeng Duterte, kinailangang sa anyong may mutasyon ang pagtalakay sa mga protesta sa pagmimina at pagtalaga ng DENR secretary, artistiko pa rin itong hamon sa lohika ng malakas at mahina, ng meron (merong pera) at wala.

Mga Sanggunian

Abdaal, Ali, at James Hoffmann. 2022. “Snippet 5: How to Avoid Burnout as an Entrepreneur.” Podcast interbyu. Huling inakses Agosto 22, 2022. https://podcasts.google.com/feed/aHR0cHM6Ly9mZWVkcyc50cmFuc2lzdG9yLmZtL2RlZXAtZGI2ZS13aXRoLW FsaS1hYmRhYWw/episode/N2ZjZmRIYmUtNjQy Ny00MDUwLWFIODgtZjU4ZWZkNjNm ZTg0?sa=X&ved=0CAUQkfYCahcKEwigv-6i_cL5AhUAAAAHQAAAAQLA

Barnes, Jack. 2019. *The Turn to Industry: Forging a Proletarian Party*. Atlanta: Pathfinder Press.

Block, Fred. 2022. "Financial Democratization and the Transition to Socialism." Nasa *Democratizing Finance: Restructuring Credit to Transform Society*, inedit nina Fred Block at Robert Hockett. New York: Verso.

Hockett, Robert. 2022. "Finance without Financiers." Nasa *Democratizing Finance: Restructuring Credit to Transform Society*, inedit nina Fred Block at Robert Hockett. New York: Verso.

Mellor, Mary. 2022. "Democratizing Finance or Democratizing Money?" Nasa *Democratizing Finance: Restructuring Credit to Transform Society*, inedit nina Fred Block at Robert Hockett. New York: Verso.

Palladino, Lenore. 2022. "Democratizing Investment." Nasa *Democratizing Finance: Restructuring Credit to Transform Society*, inedit nina Fred Block at Robert Hockett. New York: Verso.

Pettifor, Ann. 2017. *The Production of Money: How to Break the Power of Bankers*. London: Verso.

Quinn, Sarah, Mark Igra, Sele Guler. 2022. "A Modern Financial Tool Kit": Lessons from Adolf A. Berle for a More Democratic Financial System." Nasa *Democratizing Finance: Restructuring Credit to Transform Society*, inedit nina Fred Block at Robert Hockett. New York: Verso.

Dumaraog, Ana L. "Sid and Aya: Not a Love Story" Movie Review: A Simple but Effective Love Story". *The Summit Express*, June 01, 2018. Huling inakses Agosto 26, 2022. <https://www.thesummitexpress.com/2018/06/sid-and-aya-movie-review-not-a-love-story.html>.

Singer, Maya. "Money and the Government: Everything You Need to Know but Were Afraid to Ask." *Vogue*, March 2, 2017. Huling inakses Pebrero 14, 2023. <https://www.vogue.com/article/money-and-the-government-how-it-works-ann-pettifor>